

The Project Gutenberg eBook of Apô-Apô (Zarzuela) at Kung Sinong Apô-Apô (Kasaysayan), by Pantaleón S. Lopez

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Apô-Apô (Zarzuela) at Kung Sinong Apô-Apô (Kasaysayan)


Author: Pantaleón S. Lopez

Release date: November 7, 2005 [EBook #17023]
Most recently updated: December 12, 2020

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza and the Online Distributed Proofreading Team at <https://www.pgdp.net>.
Special thanks to Matet Villanueva, and Ateneo Rizal Library-Filipiniana Section for helping to reconstruct some portions of this project. (This file was made using scans of public domain works from the University of Michigan Digital Libraries.)

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK APÔ-APÔ (ZARZUELA) AT KUNG SINONG APÔ-APÔ (KASAYSAYAN) ***



"APÔ-APÔ"

(ZARZUELA)

"Kung sinong Apô-Apô"

(KASAYSAYAN.)

Pantaleón S. Lopez

MAYNILA

**LIMBAGAN NINA FAJARDO AT KASAMA
Daang Carriedo Blg. 101, Sta. Cruz**

TALAN NG NILALAMAN

"APÔ-APÔ" (ZARZUELA)

- [ESCENA I.](#)
- [ESCENA II.](#)
- [ESCENA III.](#)
- [ESCENA IV.](#)
- [ESCENA V.](#)
- [ESCENA VI.](#)
- [ESCENA VII.](#)
- [ESCENA VIII.](#)
- [ESCENA IX.](#)
- [ESCENA X.](#)
- [ESCENA XI.](#)
- [ESCENA XII.](#)

"Kung sinong Apô-Apô" (KASAYSAYAN.)

[Sa aking Bayan](#)

- I. [Kung sinong Apô-Apô.](#)
- II. [Ang pag-owi sa bahay ni Kadiliman.](#)
- III. [;Ang pakikipagkita ni Kadiliman sa canyang m̃ga casama!](#)
- IV. [Kung ano ang Teatro at pagkikita ni Tengteng Kamagong at Agong Kadiliman.](#)
- V. [¿Anong laya ñ isang tawo?](#)
- VI. [Ñ si Kadiliman ay nahihiga dahil sa sakit na taglay.](#)
- VII. [Ñ Pagsaulan na ñ hiniñga si Kadiliman.](#)
- VIII. [Ñ hiñgan ñ liwanag si Kadiliman ni Giday Lasenga.](#)
- IX. [Nang napanaginip ni Kadilimang siya'y kausap ñ isang makata.](#)
- X. [Ang Pagkikita ni Tengteng Kamagong at Bakokoy.](#)
- XI. [Ang pagsasalo-salo sa bahay ni Kadiliman.](#)
- XII. [Nang naglulubha si Kadiliman.](#)

Zarzuelang tagalog na may isang bahagi, ikatha ni P. S. Lopez, at tugtugin ni Mateo Varios na pinamagatang:

"APÔ-APÔ"

M̃GA TAO SA OBRA.—M̃GA ARTISTA.

Soledad	G. Máxima Gonzales.
María	Bb. Petrona Polintan.
Ludovico	G. P. S. Lopez.
Tio Agong	» F. P. Ballecer.
Bakokoy	» Juan Bernabe.
Tio Pedro	» E. Peña.
Totong	» F. Peña.

KAPISANAN Ñ PANDAY.



Tanging bahagi

Pagbubukas ng tabing mamamasid ang isang taller ng pandayan si Ludovico at mga panday.

ESCENA I.

MUSICA No. 1.

COROS.—Itong ating kabuhasan
ang mag panday gabi't araw
siyang tanjing kabuhasan
ng kapatid at magulang.

LUDOVICO.—Kapalara'y sinakbibi
kabuhasay kinandili
at guinhawa'y humalili,
palad nging tontong api.

CORO.—Bawat palo nga sa bakal
ng martillong nasa kamay
pawis nag tagtagastasan.
sa katawang ng lulumay.
hot, hot, hot,

SALITAAN.

AGONG.—Ludoviko kapatid ko: dahil saiyong ay diko maikakaila na ako'y guminhawa sahan sa mabuting iyong pamamanihala nitong aking kabuhasan.

Pahina 6

VICO.—Diko po itinuturing.

AGONG.—Sa gayon ay maraming salamat *aalis*.

PEDRO.—Kaibigan ayon sa kainaman mong ugali dika sukat mag tiwala ng labis sa ating apohan, sapagkat dingun mong madalas asalin niyan:

Iyan ay walang ugaling makisama sa di niya mauulol, at marunong gumalang sa matwid, siya, di mopa kilala dahil sabago kapang nakakasama gaano nabang panahon ang iyong pagkalagay dito?

VICO.—Dalawang taon lamang.

PEDRO.—Gaano na ang dalawang taon? ako'y nakilala ko pati inunan niyan at sa katunayan, iyan ay pang-ulo ng isang tungkos na inutil at walang ini-isip kung di ulol ang mga kaawa-awa, walang bigong kilos na di pinagkakagasta; at ang bawat hindi umamin sa linsad niyang paraan ay tuturang walang pag-ibig sa lupang kinamulatan.

VICO.—Katoto: masalag ko ang iyong panggunusap, si Tio Agong ay walang kasalanan, sapagkat sa bayang walang napakukutos, ay walang mangunutos, tuturan mong siya'y pangulo ng isang kapisanan. Hindi mo ba natatalos yaong wika: Na sa bayan ng ulol walang Hari kundi ang gungong? Kaya wala sa gunam-gunam ko ang ako'y kaniyang pagtaksilan.

Pahina 7

PEDRO.—Ito'y sinabi ko lamang, huag mong llimutin yaong wika: na ang mapagkatiwala madalas mapanganyaya iyong tatandaan *aalis*.

Lalabas si Soledad Malungkot.

ESCENA II.

SOLEDAD.—Guiliw kong asawa! bagaman, t, mahapdi,
sa puso, t, panimdim ang isasanguní,
pag iinutan ko, na maimungkahí
sabahay naito'y huag mamalagui.

VICO.—Ikaw'y asawa ko ano mang masapit
ikaw lang ang tanjing sa dib-dib naguhit
nag papagal ako kasi ko at ibig
sa iyo ang dahil....

SOLEDAD.—Dingun mo ang sulit:
Ibig kong sa bihin ngingayong ipamalay
sa iyong kasama ikaw, i, humiwalay.

VICO.—Ang lahat mong sabi aking hahadlan

pagkat diko ibig at di katuiran.
Ako'y kilalá mong inanák sa pagod
sapagtrabaho'y nabuhos ang loob
ang pandayang ito kung kaya lumusog
ay dahil sa akin.

SOLEDAD.—¡Maawain kong Dios!

VICO.—Talastas mong dati ang aking puhunan
sa pandayang ito'y madlang kapaguran
nḡayong sumapit na ang pakikinabang
manghihikayat kang akoy humiwalay.

SOLEDAD.—Dinguin aking guiliw itong isasaad
na sa pagkahimlay aking na paḡarap
ang taksil na Agong magdarayat sukab
at sa may asawa ay nanḡunḡulimbat.

Tanḡi pasarito ang dulong himutok
nḡ nag bigay agam aking bunḡang tulog
kahiman daw lanḡít ang iyong idulot
kagantiha'y lason.

VICO.—Bibig mo'y itiklok *aalis si Vico*

MUSICA No. 2.

(2 ulit) (Anong sakláp na damdamin
itong aming nararating
ang asawang guiniguliw
walang tiguil sa pagdaing) (2 ulit.)

(2 ulit) (¡Oh! Bathalang lubhang mataas
asawa koy iyóng iligtas
sa mḡa madláng bagabag
malayô sa tanang hirap.) (2 ulit).

SALITAAN.

SOLEDAD.—Hindi malanḡap ko
ang mḡa insal
nḡ lilong si Agong
may asal halimao
hindi na nanḡimi
pag sinta'y ialay
¿sa isang gayako?

ESCENA III.

Lalabas si Pedro, may dalang sulat.

PEDRO.—Soledad pag masdan.

SOLEDAD.—Tio Pedro, ikaw po,i, manainḡa: natatanto ko po na ikaw ay may danḡal na taglay,
kung ako po ba'y may ipag tapat sa iyo, ikubli mo po kaya.

PEDRO.—Ah, Soledad puputok sa lupa, nḡunit sa aking dila ay hindi; turan mo.

SOLEDAD.—¿Ano po ba ang pagkakilala mo kay tio Agong?

PEDRO.—ha, ha, ha. Isang tawong lasengo, ang sinabi sa umaga na lilimutan sa hapon, isang
ugaling muy *ordinario*, бага man mauban, ang laman nḡ utak ay kamangmanḡan, isang
tawong mapag-ulol sa kababayan, isang tawong madalas sangkalanin ang bayan, isang
tawong mapag apôapôan, isang tawong hantik pa sa limatik, isang tawong
mapagpasamba sa tanto niyang hanḡal, isang tawong tumandâ sa pagkabusabos, at isang
tawong....

SOLEDAD.—Hintay ka po muna.

PEDRO.—Ah, hindi mona maa-awat, isang tawong kung hindi mo alintanahin ang kanyang....

SOLEDAD.—Tapusin mo na po.

PEDRO.—Aba ay tapos na nḡa, ¿ano naman ang ipagtatapat mo sa akin?

SOLEDAD.—Marahil po'y tanto mo, na kung hindi dahil kay Ludovico, ay hindi uusbong ang
kaniyang kabuhayan.

PEDRO.—Oo nga, tanto ko, kaya't ang pamarali ni tio Agong, si Ludovico daw ay *socio industrial* sa pandayang ito.

SOLEDAD.—Madalumat mo po bang ialay sa akin ang kanyang pag-ibig, madalumat mo po bang nasain n̄ Agong na iyan, na ihapay ang puri n̄ kanyang pinakikinabangnan.

PEDRO.—Ito'y hindi ko nga madadalumat at dapat ko namang dalumatin, na baka kaya naman ang ibig niyang mangyari, sapagka't si Ludovico ay *socio industrial* niya sa pandayan, siya nama'y maging *socio industrial* ni Ludovico sa iyo ha, ha, ha ... ito'y hindi natin masusukat.

SOLEDAD.—Kaya't yayamang sa aking asawa'y wala akong sukat magagawang paraan upang ipamalay sa kanya ang m̄ga bagay na ito ikaw na po ang magsabi sa kanya.

PEDRO.—*No puede ser hija de Dios.*

SOLEDAD.—¿Hindi ka po ba nahahabag sa aking asawa?

PEDRO.—*No puede ser hija de Dios.* takot na takot ako sa basagulo, kung iyan ay sabihin ko kay Ludovico at paputukin naman ni Ludovico ang ulo niyan, di pati ako'y hila-hila sa *Juzgado*.

SOLEDAD.—¿Ano po itong sulat na ibinigay mo sa akin?

PEDRO.—Si tio Agong ang nagpapadala sa iyo niyan, huag ko daw pagpapahamakang buksan.

SOLEDAD.—N̄g iyo pong matanto babasahin ko sa iyo *bubuksan ang sulat*.

Guiliw kong Soledad: Gaáno kayang pagtataká ang tatamuhin n̄g iyong mapayapang dibdib na kung sa kalatas kung ito'y matantô ang laki n̄g aking pag-ibig.

PEDRO.—Samantalang binabasa mo, dadasalin ko naman ang sampung utos n̄g Dios, *Luluhod*. Ang una ibigin ang Dios na laló sa lahat.

SOLEDAD.—Ini-ibig kita hangang huling tibok n̄g aking paghin̄ga kahi't dios man ang humadlang.

PEDRO.—Ang ikalawa huag kang manumpa sa sa n̄galan n̄g Dios.

SOLEDAD.—Ikaw ang pangin̄gilinan ko't igagalang.

PEDRO.—Ang ikatlo sa lahat lamang n̄g lingo at pista ka manin̄gilin.

SOLEDAD.—Soledad igagalang kita.

PEDRO.—Ang ikaapat igalang mo lamang ang ina mo't ama gayon din ang katwiran.

SOLEDAD.—Mamahalin kita n̄g higit sa buhay.

PEDRO.—Ang ikalima huag pumatay n̄g tawo.

SOLEDAD.—¡Ay Soledad! ikaw ang buhay ko.

PEDRO.—Ika anim huag kang makiapid sa di mo asáwa.

SOLEDAD.—Ikaw Soledad ang tan̄ging numakaw n̄g aking puso.

PEDRO.—Ang ikapito huag mong nanakawin ang ipinagkakatiwala sa iyo.

SOLEDAD.—Soledad n̄g aking buhay ang ninasâ kong ito'y hindi mahahadlan̄gan kahit ang Dios.

PEDRO.—Ikawalo, huag kang mapagbintang sa kapua mo, bago bago ikaw ang lilo.

SOLEDAD.—Soledad ko, ikaw ang pinagnasaang pagkamatayan n̄g aking pag-ibig.

PEDRO.—Ikasiam huag pagnasaan ang asawa n̄g kapua mo.

SOLEDAD.—Guiliw kong Soledad ikaw ang aariin kong kaisang puso.

PEDRO.—Ikasampu huag mong pagnasaan ang ari n̄g iba, lalo na kung iguinagalang ka.

SOLEDAD.—Hahanganan kona ang takbo nang pluma sapagka't ikaw din ang iibiguin ko kahit anong karatnan.

PEDRO.—Ang sampung utos n̄g Dios dalawa ang kinauuwian: ibiguin mong iyong kapua gayon din ang Dios, at bayaan mong mamili sila kung alin ang kanilang ibig *titinding*. Pues iha ikaw ang makapamimili n̄g iyong ibig.

SOLEDAD.—Kaya nga po tio Pedro, gawan mo po n̄g paraan walin sa kanyang loob ang kanyang nina-nais sa kayo din po ang kaututang dila niyan.

PEDRO.—Bueno, pabayaán mo,t, akong bahala.

SOLEDAD.—Siya diyan napo kayo *aalis*.

PEDRO.—Saragating tawo itong si Agong Maria, Maria *lalabas si Maria*.

ESCENA IV.

MARIA.—Ano.

PEDRO.—Natatanto mo itong si Tio Agong; ibig palang lumigaw dito kay Soledad, Jesus mariosep bakit ko ba naipagtapat dito.

Páhiná 13

MARIA.—¿Si Soledad na asawa n̄g kanyang kasamá?

PEDRO.—Oo.

MARIA.—Maniwala kana sasinasabi kona sa iyo,t, ang sinalibad n̄g isang laksang iyan e.

PEDRO.—Ako pang guinawang taga dala nang sulat.

MARIA.—Sinاسب ko sa iyo,t, iyang pagka meketrepe mo á ¿Hindi kaba na hihiâ sa tawo na iyang tandâ mong iyan ay pumasok kang ...ow *aambaan n̄g suntok* pag hindi ko pinaaguasa ang ilong mo á ¿Bakit ba sunod ka n̄g sunod sa hayop na iyan?

PEDRO.—Mangyari ako'y natatakot baka akoy maturang hindi mabuting kababayan.

MARIA.—Naku.....pag hindi ko binalibol ang bunġanġa mo á, ang sukat mong akalain itong aking sasabihin: kung ang tawo bang iyan ay mabuting cristiano, dapat bang pag nasaan ang asawa n̄g kanyang kasamá.

LALABAS SI BAKOKO'Y

ESCENA V.

BOKOKOY.—Magandang araw po.

PEDRO.—¿Sino?

BOKOKOY.—¿Sino puba ang amo dito?

PEDRO.—¿Bakit?

Páhiná 14

BOKOKOY.—Ibig ko pu sanang manilbihan.

MARIA.—¿Baka hindi ka makatatagal dito?

BOKOKOY.—Tatagal po.

PEDRO.—N̄g akoy maligtas sa mġa basagulo ipasok ko ito, hoy ¿ano ang panġalan mo?

BOKOKOY.—Bokokoy po.

PEDRO.—Dito'y talagang nanġanġailanġan n̄g alilà, datapua't isang alilang pipe, dahil sa ikaw ay hindi pipe tuturuan kitang maging pipe, pagka't ang amo dito ay ayaw makikisama kung hindi sa pipe, bulag, at kimaw na gaya ko; ako man ay hindi rin kimaw nagkikimawkimawan lamang ako, o tignan mo.

Biglang hahampasin sa tiyan si Bakokoy.

BOKOKOY.—Aray, ha ha ha.....

PEDRO.—¿Bueno, ibig mo? iyan man hindi rin bulag.

BOKOKOY.—Opo.

PEDRO.—Pag sinabi sa iyong ganito *ikukumpas ang kumay sa mukha* babayi ang kailanġan *kukumpas uli* pag ganito lalaki.

BOKOKOY.—Opo.

MARIA.—Mabuti, insayuhin mong mabuti iyan at papasok ako dito sa loob *aalis*.

ESCENA VI.

PEDRO.—¿Magkanong sueldo ang ibig mo?

BOKOKOY.—Kahi't na po magkano *uubo sa loob si Agong*.

Páhiná 15

PEDRO.—Humanda ka at nandito na. *Lalabas si Agong*.

AGONG.—Pedro, aha? sino iyan?

PEDRO.—Ibig pumasok na alila pinapag-antay ko dahil sa pipe, baka wika ko maibigan mo.

AGONG.—Aha, oo kung pipe ay ibig ko nġa magkano anġ sueldo tanunġin mo.

PEDRO.—Bokokoy.

AGONG.—Anong n̄gálan?

PEDRO.—Bokokoy, ayon sa recomendación na aking tinanggap. Hoy, *kukumpasan kung magkano ang ibig sahurin* magkano ang ibig mong sueldo.

BOKOKOY.—*Ikukumpas na limang piso.*

PEDRO.—Límang piso daw.

AGONG.—Comforme ako, hoy *tatampalin sa balikat kukumpasan n̄g kahit anong makita huag sasabihin* huag mong sasabihin ¿ha?

BOKOKOY.—Ong.... *tatan̄gotan̄go.*

AGONG.—Tio Pedro, anong sagot ni Soledad?

PEDRO.—Tio Agong, pillo ka pala naghain ka pala n̄g pag-ibig kay Soledad.

AGONG.—He, he, he.... Saragate ka tio Pedro, marahil binuksan mo ang sulat.

Sa tuina't magtatawanan ang dalawa makikitawa si Bokokoy.

PEDRO.—Hindi ko binubuksan kung di binasa sa akin ni Soledad, dahil sa kilala ni Soledad na marunong akong magkubli n̄g lihim, samantalang kanyang binabasa dinadasal ko naman ang sampung utos n̄g Dios, n̄g marinig niyang ang ika anim na utos n̄g Dios na huag makiapid sa may asawa namun̄gay ang mata, saka tumawa n̄g lihim kaya't tila tinatangap na ang iyong pag-ibig *magtatawanan maquiquitawa si Bokokoy.*

Páhiná 16

AGONG.—Hoy, ¿bakit ka tumatawa?

PEDRO.—Talagang ganyan iyan, pagnakakita n̄g tumatawa nakikitawa din ha, ha, ha ... *Tatawa si Pedro makikitawa si Bokokoy* nakita mo na di nakikitawa naman.

AGONG.—Aba sien̄ga a, dahil sa ang aking pagkaalam, ay tungkol pipe, siempre bin̄gi.

PEDRO.—Oo n̄ga bin̄gi n̄ga iyan sa iyon ang kanyang ugali, pag nakakita n̄g tumatawa nakikitawa, anong magagawa natin: tawanan mo; pag hindi ka tinawanan talo ako.

AGONG.—Hoy, *n̄gin̄giti si Agong n̄gin̄giti din si Bokokoy, hahalakhak si Agong hahalakhak din si Bokokoy.*

PEDRO.—Kaya wala tayong dapat katulun̄gin sa pagligaw mo kay Soledad kung hindi iyan.

AGONG.—¿Saan naroroon si Soledad? *lilin̄gon si Pedro masusuliapan si Soledad na lumalabas.*

ESCENA VII.

PEDRO.—Naito siya't dumarating *Patabong aalis.*

AGONG.—Ay! Soledad!

SOLEDAD.—Aba bastos na tawo ito, hindi na kayo nahihiya, kahit may tawo.

AGONG.—Diyay ay huag kayong mag-alaala, pagka't tan̄gi sa iyan ay pipe, bin̄gi pa ¡Ay Soledad!

SOLEDAD.—Di ka na nan̄gimi sa aki'y maghain ¿n̄g iyong pagsinta? ¡may lahi kang taksil!

AGONG.—¿Maging sala kaya ang gawang gumiliw?

SOLEDAD.—Sukat na, sukat na,
may dilang matabil.
Dapat mong lin̄gapin
ang aking asawa
marunong mag tapat
sa pakikisama,
maguing araw gabi,
tanghali't umaga
trabaho ang ibig
upang guminhawa.

Bagá man sakali iyong namamálas
sa ibang babae ang ugaling judas
ako naman sana'y huag mong itulad
tatampalin kita....

BAKOKOY.—Frefeta Jeremias.

AGONG.—

Huag maguing tampal sukdang maging suntok
titiisin ko rin taglay n̄g pag-irog
kahit sa n̄gayon din buhay ko'y matapos

Páhiná 17

iibiguin kita.

BOKOKOY.—Santo Nicodemus.

AGONG.—Ako'y kilanlin mo sa bayan ay tanyag bawa't nasain ko'y nasusunod agad.

Páhiná 18

SOLEDAD.—Kung magkaganito matwid ay baligtad, n̄guni't huag gawin sa nan̄gadidilat.

AGONG.—Pag-ibig ko'y tuloy, hindi magagatol pagka't akong apô....

BOKOKOY.—Malapit lumindol.

AGONG.—Ang kahit bumaha n̄gayon din n̄g apoy, ini-ibig kita *yayakapin*.

SOLEDAD.—*ilag* Ah, lahing Faraon.

Dika na nahiya n̄g asal mong iyan
isang may asawa iyong pan̄gahasan
bulok ang puso mo, may lahing halimaw
di ka na natutong magbigay pitagan.

AGONG.—Itong pagsinta kong nakintal sa dibdib
hindi maaampat ano mang masapit
ang yakap kong ito, hulog na n̄g lan̄git
hahagkan pa kita....

SOLEDAD.—Halimaw, balawis.
Wala kang damdamin tawong walang wasto:
marun̄gis ang dibdib maitim ang puso:
darating ang araw noong pagka pugto
n̄g gaya mong sakim mapag apô-apô.

Tatampalin pagkatampal aalis patakbo.

BOKOKOY.—Aray....

AGONG.—¿Nakita mo ang guinawa sa akin? *Pakumpas*.

BOKOKOY.—Ong ... *pailing-iling*.

AGONG.—Huag kang magsasabi kanino man *pakumpas aalis si Agong sapolsapol ang mukha
biglang tatawa si Bokokoy pagkaalis*.

BOKOKOY.—Walang hiya pala itong apô-pô namin dito.

Páhiná 19

Darating si Lodovico lalabas sa fondo at si Soledad sa kaliwa.

ESCENA VIII.

VICO.—Oh Soledad kailan man ikaw ay na sa aking piling, hindi ko nakikilala ang kamatayan.

SOLEDAD.—¡Ó Asawa ko! kailan mang oras di kita masilayan, tanto akong nalulumbay.

VICO.—Tunay kaya?

SOLEDAD.—Tunay.

VICO.—Kung gayon ay dínguin.

MUSICA No. 3

VICO.—Kung totoong iyong tinuran
iabót ang iyong kamáy

SOLEDAD.—Naito aking hirang
at huag ang kamay lamang
kung di pa sampúng katawán

VICO.—Oh laking kaligayahan
Tantoin mo aking guiliw
ikaw ang sasalaminin,
buhay ko man ay mairing
dito magpahangang libing.

SOLEDAD.—Sa oras na masanghayâ
nag bulaklak yaring tuâ
at naparam ang dalita
sa ligaya'y sumagana.

SOL. at LVO.—Itong ating kaligayahan

waring araw na sumilang
ligaya'y ating kamtan
dito sa pag-iibigan
Anong sarap anong tamis,
ang linamnam nŕ pag-ibig
di mandin maiwawanŕis
sa ligaya nŕ angeles
Lalo na nŕa't kung kaulayaw
ang sintang minamahal
wari man din tinanglawan
nŕ mŕa bitui't buan.

SALITAAN.

VICO.—Asawa ko, kahit ang pagod ko'y halos makaputol nŕ hiniŕa kapag ikaw ay nasa piling naiisbang walang liban.

SOLEDAD.—Kaawa-awa kang tunay sa iyong kasamá, iyo ang pag-luhâ, iyo ang pagdaing, iyo ang pagtaghoy, at iyo pa ang damdamin.

VICO.—Hindi magkakagayon at sino ang tawong iyan hoy, ¿Sino ka?

BAKOKOY.—Sino naman kaya ito.

Kukumpas nŕ pagalang.

SOLEDAD.—Iyan ay bagong pasok lamang dito.

VICO.—Bakit kukumpas kumpas.

SOLEDAD.—¿Bakit, kailâ pa ba sa iyo ang pag uugali niyang kasama mo? ayaw makikisama kundi sa mŕa inútil, iyan ay pipe.

VICO.—Pasiensia hija iyan ang ugali niyan ¿anong magagawa natin?

SOLEDAD.—Magpahinŕalay ka.

VICO.—Oo nŕa *aalis*.

SOLEDAD.—¡Oh Bathala!

Tulunŕan mo akong makapagpamalay
sa aking asawa mŕa kagagawan
nŕ kanyang kasama; na may asal banday
sa udiok nŕ nasang lubhang tampalasan.
Sugat na maantak nŕ sariling puso
ang bigyang damdamin asawang kasuyo
ang bagay na ito'y kungdi ipatanto
masasabing akoy.....

BOKOKOY.—Daig kong napako.

VICO.—*Sa loob*. Soledad.

SOLEDAD.—Nandian na. *Aalis lalabas si Pedro*.

ESCENA IX.

PEDRO.—Bokokoy *kukumpas lang si Bokokoy* pag akong kausap mo huag kang magpipipe at babasaguin ko ang bunŕo mo, ¿anong narinig mo?

BOKOKOY.—jajaja. Saragati palang tawo iyang amo natin, dapat ba namang.... *ibubulong*.

PEDRO.—Sust, kuidado kahit anong makikita mo huag kang magsasalita kung ibig mong ikaw mapamahai sa kanya, sapagka't kaya iyan nag-uugali nŕ ayaw makisama kung di sa pipe, bulag, binŕi, at pilay nŕ upang masunod ang lahat niyang nais nalaman mong ibig niyan, apoin siya kahit pabalubaluktok ang kanyang gawin.

BOKOKOY.—Iyon pala lamang bayaan mo,t, akong bahala.

PEDRO.—Ipinatalastas ko naman sa iyo iyong isang dumating dito ang asawang tunay noong babae at siyang segundo amo dito. *Lalabas si Agong* Huag kang mainŕay at lumabas si Agong magpipipihan ka.

BOKOKOY.—Oong.....

PEDRO.—Maniwala ka sa akin na labis nŕ buti si tio Agong.

AGONG.—Tio Pedro, *gahol* ito'y huli nŕ aking pagdaing sa iyo sa naisip kong ito'y hindi siya sasala *tatawa makikitawa ang dalawa* nakitawa na naman ang sinalibad nŕ ... ang sulat na ito ay sasabihin kong telegrama sa akin nŕ isang kaibigan ko sa Calasiao si D.

Ludovico ang aking uutusan ang sa sama sa tren kayong dalawa ni Bokokoy, at sa alas onse n̄g gabi kakausapin ko si Soledad, sa ibig man at sa ayaw iibig siya sa akin naito siya't dumarating, *darating si Ludovico*, magsi pormal kayo.

VICO.—Guiliw kong kapatid sa awa n̄g Dios ay tapos ko n̄g naihatid ang m̄ga gawa natin ibig kong sa lingong haharapin palakihan na itong taller.

AGONG.—Ako'y talima sa iyong bawat maibigan; kapatid: basahin mo itong telegramang aking tinanggap buhat sa Calasiao doon ay may gawa na lubhang kailanġang ikaw ay makarating.

VICO.—Talos mo nang dati na akoy nasa ilalim n̄g iyong kapangyarihan, tanġi sa roon kailan man at sa ikagagaling, ika uusbong n̄g ating kapisanan kahit sa nag-u-umpugang bato paroroonan ko.

Páhiná 23

AGONG.—Kung gayon maghanda kana.

VICO.—Sa gayon ay paalam *aalis magtititigan ang tatlo at saca maghahalakhakan n̄g tawa*.

AGONG.—¿Naniwala na kayo? sa sinasabi ko sa inyong wala akong iisipin na di masusunod, n̄gayon akin si Soledad, diyan na muna kayo ja, ja ja ja Agong magsaya ka Agong *aalis mamaya sa anyong si Agong ay tatalikod babanatan n̄g tampal sa batok ni Pedro magugulat si Agong itatagong bigla ang kamay ni Pedro*.

¿Sinong bumatok sa akin?

PEDRO.—¿Nananaguinip ka ba tio Agong? ¿Hindi ba kayâ ibig na ibig mong makisama sa m̄ga inútil n̄g walang makabatok sa iyo gumawa kaman n̄g hindi katuiran, at saka n̄gayon ay tatanunġin mo sa akin kung sinong bumatok sa iyo e, ¿sinong babatok sa iyo ako ba? ¿mababatukan ba kita kimaw ako? Bokokoy: ¿Sinong bumatok kay tio Agong?

BAKOKOY.—Kung hindi lamang ako pipe sinabi kona *pakumpas* ong.....

AGONG.—Adios tio Pedro *tutumbukin sa sikmura* Adios Bakokoy *aalis masaya*.

BAKOKOY.—Tio Pedro *sundot sa sikmura* pillo ka.

PEDRO.—Jajaja Lalong pillo si tio Agong *papormal* ating pag isipan n̄g lalong magaling ¿pa anong gagawin mo kung ikaw ay si Ludovico?

BAKOKOY.—Kung hindi ko nalalaman kahit ako lokohin; mag papasencia ako lalabas *si Ludovico taglay ang isang maleta de viage at tampipe*. Huag kang mainġay at dumarating si Ludovico.

Páhiná 24

LUDOVICO.—M̄ga kaibigan: ako
sa inyo,i, nagpapa-alam

PEDRO.—¿Kami bay iyong iiwan?

LUDOVICO.—Hindi m̄ga kapatid
Talastasin ninyo akoy ini-anak
sa mundong sakdalan noong madlang hirap
at walang minana kundi mag papatak
malagkit na pawis.....

PEDRO.—Iyan ang marapat.

VICO.—Sa pag tatrabaho,t, sa patak n̄g pawis
doon ko kukunin ang ikabibihis
di gaya n̄g iba ating na mamasid
na sapag a-apo nandoon ang nais.

Akoy handa n̄gayon pasasa Calasiao
n̄g upang tuparin aking katungkulan
katungkulang hindi, dapat kong tangihan
pagkat siyang usbong aming kabuhayan

Akoy sinalubong n̄g aking kasamá
sa papel na taglay ako daw pumilma
ginawa ko naman ay aking binasa
n̄g aking matanto inagaw pagdaka
Sa akin sinabi:

Huag mong basahin iyang kasulatan
kung hindi mo ibig kita'y kagalitan
subo n̄g galit ko'y di ko napigilan
pagka't bawat tawo ay may kalayaan.

Aking isinigaw na ipinakalakas
¿bakit nanasaing malupig ang lahat?
tumugon sa akin; jah! walang paglinġap

Páhiná 25

sa bayang sarili ... bigla kong sinalag.

Sapagka't ang nais na nakatalatâ sa papel na iyon pumilma ang madlâ isang kababaya'y maalis na biglâ sa luklukang trono siya ang itakdâ.

Aking hinandulong mataas na sabi huag sangkalanin ang bayang sarili na tulad kay Luzbel naghapay nŕ puri sa nŕgalan nŕ Dios nŕ siya'y bumuti.

Sapagka't ugali nŕ apô-apôan siya ay Diyosin tanang kababayan kaya at si Luzbel ang pinagharian lahat nŕ demonio sa ka infernohan.

Kaya mŕa guiliw irog co at sinta kayo,i, kaiingŕat sa aking kasamá nŕgayon ko natatap ang ugali pala siya ang poonin sambahin towina.

At sa pagbalik ko ako'y hihiwalay hindi ko na nais ang pakisamahan at pagkagaling ko doon sa Kalasiao sa inyong lahat na, ay mag papaalam.

BAKOKOY.—Ako'y hindi pipe nŕ iyong matalos kung ikaw,i, aalis ako poy susunod pagkat ang puso ko'y marunong umirog maalam tumampal sa mapag dios dios.

PEDRO.—Ng inyong matanto akoy hindi komang matigas tigas pa ang aking balakang nŕ iyong matatap aking binatang ang mapagmapuri na apô-apôan.

AGONG.—*Sa loob.* Pedro, Bakokoy.

ANG DALAWA.—Tinatawag kami nŕ hunghang.

aalis patakbo ang dalawa lalabas si Soledad malungkot si Vico naman sa dakong kanan.

Páhiná 26

ESCENA X.

SOLEDAD.—Irog kong asawa kabiyak nang dibdib mangyaring dinguin mo ang ipagsusulit kung ako ay tunay iyong ini-ibig sa araw na ito huag kang umalis.

VICO.—Hindi mangyayari; asawa kong sinta ang lakad kong ito'y iyong maantala na sa pagbalik ko ay nakahanda na akong humiwalay sa aking kasamá. Sa gayon ay paalam.

SOLEDAD.—Huang mo akong iwan.

VICO.—Magtiis asawa ko.

SOLEDAD.—Tanto mo nŕ dati kung ikaw'y málayo nŕ dalawang oras, nasikdo ang puso kung na sa tabi ka'y biglang bumubugso ang tanang ligaya.

VICO.—Aking natatanto Kaya nŕa't sa tui nang ikaw'y malálapit sa aking paningŕin ang asa ko'y lanŕit kung na sa tabi ka'y masaya ang dibdib kahit nalulunos

pilit nabibihis.

SOLEDAD.—Alin pa ang lanġit
na di na sa akin
kung sa bawat oras
ikaw ay kapiling
kapiling ka lamang
kahi ma't malibing
bangkay mang mistula'y
bilang sa buhay rin.

Páhiná 27

VICO.—Anong sarap mong magmahal.

SOLEDAD.—Ako'y iyong ipagsama *lambing*.

VICO.—Huag na asawa ko paalam *aalis malungkot si Soledad*.

SOLEDAD.—Hindi ko napiguil ang asawang irog *Lalabas si María*.

ESCENA XI.

MARIA.—¡Solédad! ¿Bakit nalulungkot?

SOLEDAD.—Si Ludovico'y umalis.

MARIA.—Bayaan mo't babalik.

SOLEDAD.—¡Oh María!

Ako'y mayroong nais nġayong ipagtatapat.

MARIA.—Turan mo Soledad nġ aking matatap.

SOLEDAD.—Ang lilong si Agong magdaraya't sukab ay sa gabing ito'y ga ibig manġahas.

Ibig panġahasan ang pagka babai ilublub sa lusak sa asawang puri mahigpit na bantâ mamayang alas once gagahisin ako.

MARIA.—¿Ano ang sinabi? ¿Bakit di sinabi sa iyong asawa ang masamang nasa nġ kanyang kasama.

Páhiná 28

SOLEDAD.—¡Hindi ko maatim! maniwala Maria ang bigyang damdamin asawa kong sinta.

MARIA.—Diwa'y ibig mo, eh?

SOLEDAD.—¡Oh Maria! ako'y iyong turuan nġ makaligtas sa kamay nġ halimaw.

MARIA.—Kung gayon tayo na sa loob at lihim nating pag-usapan

aalis ang dalawa lalabas si Agong, Bakokoy at Pedro waring nagbubulunġan.

ESCENA XII.

AGONG.—Talastas na ninyo ang inyong gagawin ang magdadala nġ tampipe, ikaw; ang maleta, ikaw; ihahatid ninyo sa tren huag kayong aalis sa estacion hangang hindi umaalis ang tren niyang sinasakan, at walang sala mamiyang gabing mag aalas once, kayo din ang aking katulong.

PEDRO.—Nġunit.....

AGONG.—Walang nġunit, ang malalaking bagay na aking na isip ay nasusunod, ¿ito ba lamang ang hindi? kapag kayo'y hindi sumunod sa nais ko, susumpain kayo nġ Bayan? ¿Hindi ba ninyo alam pág hindi ninyo tinupad ang bilin ko ipa *boboycotage* ko kayo at ako ang inyong punô? kung ang sambayanang tawo sumusunod sa bawat maibig ko ay kayo pa bang susuay, hindi mangyayari at saka natin tignan.

Páhiná 29

BAKOKOY.—Naku parang kung ito'y magalit sa akin ay natatakot ako.

AGONG.—Gayon din sabihin sa ating kapanalig, na sa lahat nġ botohang ating gagawin ako ang inyong iboto, gayon din na inyong papilmahan sa lahat ang papel na ito sa panġalan ko.

PEDRO.—¿Ano ba iyan?

AGONG.—Huag nġ ipabasa, ang nakatalata diyan ating paa-alisin sa tungkol si Doctor dahil sa siya'y *bubulong*.

PEDRO.—¿Baka ikaw ay namamali?

AGONG.—¡Tío Pedro! ¡Tío Pedro! huag ninyo akong pagsusumanġin ako ang ilagay ninyo sa tungkol niyang taglay, sapagka't akó ang inyong puno. *Lalabas si Vico*.

VICO.—Mġa kasama ako'y nahuli sa primer viahe kaya't sa segundo na ako sasakay.

AGONG.—Sa bagay pala'y ikaw ay naparoon na.

VICO.—Oo katoto.

AGONG.—*Yayakapin* ¡Oh! napakasíkap na aking kasama; kasama, kong magandang puso, *sa bawat koma ay wunḡol si Pedro at si Bakokoy* kasama kong mapagtapat.

PEDRO.—Nḡ ipagbili ni Judas si Jesus ay niyakap muna.

AGONG.—Kasama kong pinaglagakan nḡ aking pagkakatiwala, at kasamá kong...

PEDRO.—Kasamá.

VICO.—¿Baka tanghaliin ako kasamá.

AGONG.—Bueno Bakokoy ang tampipe, Pedro, ang maleta samahan ninyo ang aking kasamá.

Páhiná 30

VICO.—Bueno kasama adios *aalis ang tatlo urong nḡ urong si Agong hangang sa matihaya sa Palihan at puro adios ang sinasabi.*

AGONG.—Adios, adios, adios, adios. *Pagkatihaya mutación calle Lalabas si Ludovico, Pedro at Bakokoy.*

BAKOKOY.—Ludovico kung sa hanga po nḡ akin ay hindi co po ibig ang ikaw ay umalis sa gabing ito: dahil nabalitaan ko po sa isang kaibigan na lolooban ang inyong oficina kapag kayo'y umalis.

VICO.—Nariyan naman ang aking kasama upang magtanggol.

PEDRO.—Inaakala mo bang inaaring tawo nḡ lahat ang iyong kasama? kilala na nḡ lahat ang pagka apô-apô niyan, ang sabihin mo'y dahil pa sa tawong iyan kaya lolooban ang oficina; kaya't akong may sabing huag kang magtuloy; manubok ka nḡayong alas once nḡ gabí at walang salang di may saka mangyayari; sa kali't wala kang makita magpatuloy ka bukas nḡ pag-alis.

VICO.—Bahala na at aking iisipin paalam mḡa kapatid *aalis.*

BAKOKOY.—Hindi rin tayo pinakingan.

PEDRO.—Paanong ating gagawin kung gagahisin na si Soledad?

BAKOKOY.—Babalugbugan ko. ¿Ikaw paano pong nasa sa loob mo?

PEDRO.—Nasa sa loob ko kapag pinagpahamakan niya ang puri nḡ ating kasamahan ay hambalusin ko *lalabas si Agong kasama ang mḡa panday.*

Páhiná 31

AGONG.—Tio Pedro ¿Ano napilmahan na ba ang pinapilmahan ko sa inyo?

PEDRO.—Mayroon nḡ manḡisanḡisang nakapilma.

AGONG.—Tinamaan nḡ bagkat na, ¿Hindi ba sinasabi ko sa inyong sa ayaw at sa ibig ay pilitin mo?

BAKOKOY.—Napakahigpit nḡ orden.

AGONG.—Malapit nḡ halinhan ang Presidente pag hindi akong nalagay patay kayong lahat, pag hindi ako naging consejal, patay kayong lahat, pag hindi akong naging punô ninyo, patay kayong lahat, pag hindi akong nahalili kay Doctor ... sa masarap niyang tungkol, kayong bahala; at ma-aari bang hindi akong malalagay pag kayong lahat ang naglagay sa akin? kaya Bakokoy pilma na *Pipilma si Bakokoy* ikaw; ikaw *papipilmahin ang lahat ikaw, ikaw nḡ ikaw ang sasabihin.*

BAKOKOY.—Naku linsiok Apô-Apoan nḡa pala, makago san Quinton. *Lalabas si Totong.*

PEDRO.—Naito si Totong at dumaratin ito ang ayaw pumilma.

AGONG.—Pumilma ka dito't akong ilagay mo

TOTONG.—Ang laya nḡ tawo dapat mong igalang
pumili nḡ ibig kanyang maibigan
ang isang pilma ko'y mahalagang tunay
at sa mapag apo'y hindi gumagalang.

AGONG.—¿Diyata't ikaw ang tatangui sa ako ang
ibig nḡ bayan?

Páhiná 32

TOTONG.—¿Ito'y hindi ko masabi?

AGONG.—Sukat mong tantoin ako'y siyang puno
laging ginagalang siyang apo-apo
kahima't gawin ko'y ang paliko-liko
susuko kang pilit nḡayon ay yuyuko.

TOTONG.—Ang katuwiran ko'y hindi matatanḡay
tanḡain nḡ agos nḡ apo-apoan

yaong *casiquismo'y* dapat mong ilagan pagka't itong siyag sa iyo'y papatay.

Sa awa at tulong mabuting Gobierno binibiguiang laya ang lahat ng tawo tumupad sa matuid.....

AGONG.—Sukat ka na lilo.
at masusunod din bawat maibig ko.

TOTONG.—Masusunod mo nga bawat mahagap nguni't huag gawin sa nanngadidila kung ang palagay mo ang bayan ay bulag itanngi ang ila't di mo malalahat.

AGONG.—Ako'y siyang hari.

TOTONG.—Noong mga pipe.

AGONG.—Siyang masusunod.

TOTONG.—Ng bulag at binngi,
itanngi ang iba't di mo mabibili
marunong magtanggol sa sariling puri.

AGONG.—Mga kapatid sumpain natin ito *walang kikibo kahi't isa paliliitin ang voces ni Bakokoy.*

Páhiná 33

BAKOKOY.—Ikaw ang dapat sumpain.

AGONG.—Mga kapatid mamatay ang ayaw pumilma sa aking nais *Hindi kikibo ang lahat si Bakokoy lalong paliliitin ang voces.*

BAKOKOY.—Ikaw ang dapat mamatay.

AGONG.—¿Hindi ba ninyo ako nakikilala? *Hindi kikibo ang lahat nakatitig lamang si Bakokoy paliliit ang voces.*

BAKOKOY.—Kilala na kita ikaw ang apô-apô kapatid ng lapo-lapo.

AGONG.—Tayo na *Hindi kikibo ang lahat* tayo na kayo.

BAKOKOY.—Sumulong ka ng mag-isa.

AGONG.—Diyan na kayo kung ayaw kayo.

BAKOKOY.—Adios tio Agong. *Aalis si Agong padabog.*

PEDRO.—Umalis na parang hilong banak si Tio Agong; ako sa inyo'y may sasabihin, tayong lahat ay mga mangagawa ni tio Agong, kung ang isa ba sa atin ay apihin niyan, ¿anong mabuti nating gawin?

LAHAT.—Pag-isahan nating iwan.

TOTONG.—Pagka't panahon ng ating ipamalas ang kahalagahan mangagawang lahat ng huag apihin tanang mahihirap na anak ng pawis, sadlakan ng saklap.

Ang magtatrabaho'y palagui ng yukô samantalang siyang laguing bumuboô sunodsunuran na sa pamimintuhô siya pang lakpakan ng pakasiphayô.

Kaya't panahon ng kanyang makilala yaong kalayaan ng isa at isa bawa't ipag-utos tayo'y tumalima. sakali't lalabis, sumangin pagdaka.

PEDRO.—Kung gayon humanda kayong lahat, mamayang á las once ng gabi ay walang salang di pannganngahasan ni Tio Agong, ang asawa ng ating minamahal na si Ludovico nauukol ang ating ipagsangalang ¿conforme kayong lahat?

Páhiná 34

LAHAT.—Oo.

PEDRO.—Kung gayon tayo na kayo *mag-aalisan ang lahat lalabas si Ludovico.*

VICO.—Puso ko'y kumakaba, dibdib ko'y tumatahip, kaya't paparoon ako ng matanto ang kahulugan. *Aalis mutación Sala rica nacahiga sa cama si Soledad madilim ang escena mayroong Quingue may ilaw, lalabas si Pedro at Bacocoy may mga garrote.*

PEDRO.—Bakokoy dito ka *iuupo sa tabi ng escena*, ka pag ang babaye ay pumayag sa bakan mo

nǵ alis, sakaling hindi pumayag at pipilitin, lambanugin mo na, at babalugbugang ko naman.

uupo sa isang tabi dadating si Agong magdaraan sa bintana nacasunǵaw lamang bababang marahan lalapitan ni Bakokoy tampalin sa balicat magugulat si Agong magcucumpasan iuupo ni Agong sa isang tabi at lalapit cay Soledad marahang marahan lalapitan naman ni Bakokoy at babatukan si Agong magugulat matatacot pagcakitang si Bakokoy ang bumatoc sa canya magagalit.

AGONG.—Mabuti igapos ko ito, *lalapitan si Bakokoy at tatalian pag catali icucubli sa loob nǵ bastidor biglang babanǵon si Soledad tahimik mahihiga ulí.*

Páhiná 35

AGONG.—Nǵayon hindi kana makalapit sa akin *Lalapitan si Soledad dahan dahan lalapitan ni Pedro at babatukan magugulat si Agong ititiric ang mata ni Pedro babatukan sa cabilang tabi pabulong. ¿Sinong bumatok sa akin?*

PEDRO.—*Pasigao.* Akoy hindi makababatok sa iyo pagka't ako ay komang.

AGONG.—Huag kang sumigaw dito ka *itatabi sa tabi ng bastidor pagcaladcad tatanǵnan sa tainǵa lalapit na dahan dahan cay Pedro* Pakiram-daman mo kung sino ang darating.

PEDRO.—*Pasigao.* Ooooo *mahaba magigising si Soledad waring magugulantang uupo sa silla malungkot.*

SOLEDAD.—Oh panaguinip kong
nag bigay bagabag
sa pananahimik
nǵ pusong may sindak,
kahit mananawari
huag nǵ matupad
ang tanang sinabi
ni Agong na Judas.
Tutugtog nǵ las doce.

SOLEDAD.—¡Oh!
Labin dalawang umpog nǵ tanso sa bákál
Labis na nǵ isa sa kapanǵakuan
nǵ Agong na taksil....

AGONG.—Soledad kong hirang *yayacapin.*

SOLEDAD.—Oh, ganid, halimao, lilo at lanuang.

AGONG.—Huag kang maguitla sa pananahimik
pagka't ito'y nukál sa ating pag-ibig
pag-ibig na hindi

Páhiná 36

SOLEDAD.—Ah, lahing alamid.

AGONG.—Hindi magagatol ang aking nais.

SOLEDAD.—Sumasamo akong iyo nǵ talikdan
ang lahat nǵ nasa.

AGONG.—Di mahahadlanǵan

SOLEDAD.—Dapat mong isipin iyong kagagawan
at mayrong inferno.

AGONG.—Mangyaring pakingan.

MÚSICA N.o 4

AGONG.—Pag-ibig ko'y di maampat
sa iyo irog kong Soledad
sukdang ang buhay ko'y mautás.
Pagsinta ko'y di kukupas.

SOLEDAD.—Dapat mong igalang.
Pag-ibig ko'y paano naman

AGONG.—Pagsintá mo'y di ko alam
pag-ibig kong mabubuhay
pag-ibig mo'y di ko alam
pagsintá ko'y mabubuhay
saksi kong pagkalalaki.

SOLEDAD.—Ito'y walang kailanǵan
kung sa pag-ibig mamatay

pagka't aking sinumpaang
irog ko siya habang buhay.
Ito'y walang kailanġan
ito'y walang kailanġan
kung sa pag-ibig mamatay
kung sa pag-ibig mamatay

AGONG.—Pagsinta ko kung maapi
pagsintá ko kung maapi
Saksi ko ang pagkalalaki
At di ko nġani masasabi,
ang buhay mong mapuputi.

Páhiná 37

SOLEDAD.—Ito'y walang kailanġan (2 huli)
kung sa pag-ibig mamatay (2 huli)

AGONG.—Pagsinta ko kung maapi
saksi ko ang pagkalalaki (2 huli)
di ko nġani masasabi
ang buhay mong mapuputi.

SOLEDAD.—Huag kang lubhang panġahás
sapagka't araw ay kung sumikat
pag may kulog at kidlat
nagkukulimlim agad.

SALITAAN

AGONG.—Pakatantoin mong sa tangapi't hindi
sa oras na ito'y hindi makikimi
itong aking puso.

SOLEDAD.—Ikaw'y namamali
at di matutupad ang lahat mong mithi.

Susunġaw sa bintana si Vico.

AGONG.—Ang sabing mataas huag ipanġahás
ang lahat kong nais pilit matutupad.

SOLEDAD.—Matutupad mo nġa't ani mo'y malakás
ang mġa bisig mo; ¡lalaking ...!

VICO.—¡Panġahás!

AGONG.—Sa nġayon nġayon din iyong tatanggapin
ang lahat kong impok nanasang pag-guiliw,
at hindi ang hindi *anyong yayacapin*.

SOLEDAD.—¿Iyong pipilitin?

Páhiná 38

AGONG.—Oo, oo, oo.

SOLEDAD.—¡Ah lahi kang taksil!
Ang lahat nġ ito ay iyong asahan
masusunod mo nġa kung ako ay patay
Dudukutin ang punyal nġuni't kung hindi
ang kasaspitan
dito ay babaha *anyong sasaksakin, biglang*
lalabas si Ludovico pipigilin ang kamay ni
Soledad.

VICO.—Isalong ang punyal.
¡Itago ang punyal baca madunġisan!

Sayang ang punyal mo na magkakadunġis
pumatay sa isang gaya nitong ganid
mabuti pa ang hayop hindi nangagahis
gaya nitong tigre, hantik sa limatik.

Sayang nitong aking mġa pagtatapat
nġ pakikisama sa gaya mong oslak
sayang ang nġalan mong sa baya'y natanyag
ang kapurihan ko'y di mo na nilinġap.

Ano pa't ang ukol marapat na gawin
sa isang gaya mo, ang huag batiin

pagka't kawanġis ka nġ hayop na kambing
kahit anong damo ay ibig lamunin.

¡Huag matigagali ikaw ay manġusap
matapang sa musmos, duag sa malakas
ibig mong mag-apô sa pipe at bulag
duag, dunġo, kimi, sa nakákasukat.

AGONG.—Huag palabisin ang pananalita
at nġ di sa dugo dito ay bumaha.

VICO.—¿Ano ang tinuran?

AGONG.—Ikaw ay gumawa *dudukot nġ punyal*.

VICO.—Ikaw pa ang matapang...

Páhiná 39

AGONG.—Wala kang hiya. *Lalabas na biglang bigla si Bacocoy at si Pedro*.

ANG DALAWA.—Ikaw ang lalong walang hiya *sasakalin si Agong nġ dalawa maglalabasan ang
mġa obrero may mġa dalang garrote*.

AGONG.—Bakokoy ¿bakit ka nakapanġusap?

BAKOKOY.—Bakokoy, isip mo yata ako'y pipe, kaya pala ibig na ibig mong makisama sa akin
dahil sa ako'y pipe, kawikaan mo'y kahit anong gawin mo'y masusunod mo ang ... pag-
aapô-apoan, mula nġayon iwala mo na sa isip mo ang pang-uulol at nahahalata ka na.

AGONG.—Pedro, tio Pedro huag mo akong sakalin.

PEDRO.—Tatawagin mo pa akong tio Pedro ganyan pala ang ugali mo, wala kang ibig úlulin
kundi ang pinakikinabanġan. Hoy tignan mo, dahil sa iyong kasamaan kita ay kina-
aawaan, pagka't anong magagawa ko talaga nġ palang masama ka.

JUAN.—Maraming kuntil butil ¿lalantakan ko na po? *aambaan nġ hampas nġ garrote*.

VICO.—Huag, huag at marurumihan ang inyong danġal na sumakit sa gaya niyan, ang marapat
na gawin dayukdukin sa hapis at saka bayaan.

PEDRO.—Kung gayon alsa tayong lahat. *Babalaan at waring mag-aalisan*.

AGONG.—¿Saan kayo magsisiparoon?

BAKOKOY.—Huag mo na kaming habulin nġ hindi ka mapahamak.

Páhiná 40

Lalabas si María may dalang ilaw.

MARIA.—¿Sinong panġahas iyan?


AGONG.—Ako Maria.

MARIA.—Ah, ikaw pala, nġayon ka lamang namin nakilala kaya pala ibig na ibig mong ikaw ay
susundin, ¿ha? taksil, baliw, talipandás, balawis, ganid, halimaw, lilo; sukab, ulupong at
... ¿Ano pa ba ang masamang na sa diccionario, para maitumbas ko sa sama nġ tawong
iyan? ¡Wala na! Husto na, kaya ... Bakokoy, Pedro, Juan. Handa kayo. *waring aambaan nġ
tatlo si Agong*. Susunod ka sa bawa't ipag-utos namin. Sapagka't kami ang madalas
sangkalanin nġ iyong pagka lanuang dahil sa mabuti kang manghinġi nġ contribución,
ganitong gawin mo, *isasahod ang caliwang camay*, sapagka't ikaw ang malimit umapi sa
kababayan mo, ganitong gawin mo, *isusuntoc ang canan ipagpalagay mong ako ang
bayan Luluhod si María sa harap ni Agong*.

LODOVICO.—Kilanlin ang apô ayaw makisama
kung hindi sa pawang mauulol niya
mag mula sa nġayon idilat ang mata
pagka't daig nito ang mġa bívora.

Ating pamangkaan matingkalang bilin
nġ bantog na Rizal tumubos sa atin
kailan man anya at walang alipin
walang manglulupig walang mananaksil.

WAKÁS.



P.S. Lopez.

KUNG SINONG

"APÔ-APÔ"

KASAYSAYAN

MAYNILA

LIMBAGAN NINA FAJARDO AT KASAMA
Daang Carriedo Blg. 101, Sta. Cruz
1908.

Sa aking Bayan

Sa dawag n̄g pait, noong kadiliman
pinilit pinigâ sa papel makintal
tanáng pag-ibig kong, di bunġánġâ lamang
pag-giliw sa dibdib, doon bumubukal.

Bagá man at kapós sa dunong ay sahól
kapahatáng ito'y hindi iu-urong
kahi ma't sa dugo'y piling lumanġoy
pagsisikapan ding ipatanto nġayon.

Panahon naman din n̄g pagsisiwálat
n̄g matandang sakit na sa pusong sugat.
¡Gaya n̄g pagtakip! mapanglaw na ulap
sa mġa bituin, anak n̄g liwanag.

¡Ilaw ang hingî ko! upang matanglawan
ang napatatanġay, sa apô-apôan
at kung hindi ito ang gawing tuntunan
ilagay sa limot yaong Kasarinlan.

Ang alin mang bayan, ang alin mang hulô,
ang alin mang pook, pag may Apô-apô
ay hindi uunlad, may magandang pusô,
ang santong matuid palagi n̄g likô.

Pagkathâ ko nito bumabasang giliw,
hindi ko na náis ang ako'y purihin
kapamanhikan ko't mataos na lambing
kung babasahin mo, ikaw'y magsalamin.

Dahil sa alám kong panitik ay básal
kung isulat ko pa'y sumasalagalsál
kaya't balang letra'y mayrong kalabûan:
bahálang puntero n̄g babasang pahám.

¡Bayan ko'y malasin! ang pagsusumakit
n̄g bawâ at pahat sa iyo'y ninibig
sukdang salsal, pulpól ang aking panitik
di nag-alinlanġang sa pula'y mabulid.

Pantaleon S. Lopez.

Calle Narciso No. 59 (Pandacan.)



Páhiná 3

I.

Kung sinong Apô-Apô.

Nang unang sábedo n̄g Mayo taón 1908 mayroong nangyaring nakalalagim sa pusong dalisay, sa isá sa m̄ga bayang sakop n̄g Kamaynilaan. May pinalabás na dulâ na di iba't ito'y ang: «Apô-Apô» pamagat n̄g zarzuelang iyon. Alay n̄g may kathâ sa sariling bayan, obrang walang tinutukoy kundi lumiwanag ang punô n̄g dilím na pinaguulapan, dito'y may Apô-Apôang nanood sa nasabing palabás; ito'y isáng tawong pinakahari n̄g kadiliman kaya't ang kanyang panġalan ay: Agong kadiliman; isáng tawong kalaban n̄g liwanag, isang tawong kalaban n̄g kanyang pinakikinabanġan, isang malimit gumahasâ n̄g katwiran, hindi matangkad, hindi pandak ay kulang sa sukat: hindi katandâan n̄g uni't maputí ang anit n̄g ulo. Sa ganito'y bahalang magkurô ang irog na bumabasa, kung gaano ang buti't sama ni Kadiliman. Ating pagmasdan ang nangyari sa loob n̄g dulaan samantalang itinatanghal ang «Apô-Apô:» N̄g sumapit ang *escena* na pinipilit papilmáhan ang isang kasulatan upang ito'y ihalal sa pagpupunô dahil sa itong laging panaginip ni Agong na siya ang punô sa lahat, na ayaw pilmahan ni Totong n̄g alan n̄g ayaw pumilma sa obra, walang isinásagot kundi ganitó:

«Ang laya n̄g tawo'y dapat mong igalang
pumili n̄g ibig kanyang maibigan
yaong *casiquismo*'y dapat mong ilagan
sa pagka at siyang sa iyo'y papatay.»

Nang ito'y madinig ni Kadiliman na binangit ni Totong ang kanyang sugat, waring nag dilim ang m̄ga paninġin, na alinsanġanan at sinabayan nang tindig na waring sumusuling na banak, siya'y napuná n̄g isang *filosopito* na sa kanya'y nakapansin, kaya't tinanong n̄g ganito:—¿Bakit namumula ka?—Naiinitan ako ang sagot.—¿Sa daming tawong nandito n̄gayon, ikaw lamang ang naiinitan?—Masamang obra iyan, ang pagigíl na sabad ni Agong Kadiliman, anyong pa-alis na hinihimas ang anít niyang tuktok.—Hintay ka muna ang paampat na sabi n̄g kausap.—Hwag mo akong pigilin at ako ang pinatatamaan n̄g obrang iyan, ang paanġíl na sagot ni Kadiliman.—Halika ang pabanayad na salita n̄g *filosopito*; ipalilinaw ko sa iyo ang *Teatro*, Dulaan diumano, anáng m̄ga manánagalog; ang *Teatro*. Ayon sa sabi nang bantog na poetang si *Ciceron* «salamín anyang mapaná-nalaminan n̄g pag-uugali» kung ikaw ay talagang panġit at kung talaga kang ganoon. ¿Bakit ang salamin ang kagagalitan mo? gayon din naman. Kung itong talaga mong gawa: ¿Bakit ang obrang iyo ang kagagalitan, at hindi ang sarili mo? Kaya't kung ipinalagay mong ikaw ang namimilit paboto, at ibig gumahis sa layâ n̄g tawo, bagohin mo na't kahabag-habag ka lamang. Sa madinig ni Kadiliman ang salitang ito ni *filosopito* uminġos at sinabayan n̄g alis, kahit hindi pa natatapos ang palabás, natawa n̄g lihim si *filosopito*, sinabi sa sariling marahil ikaw ang *Casique* sa bayang itó.

Páhiná 4

II.

Ang pag-owi sa bahay ni Kadiliman.

Dumadagundong n̄g pag akyat sa bahay niyang sarili si Kadiliman, at siyang dahil n̄g

ikinagulat n̄g kanyang asawa na waring na aalinpunġatan, si Kadiliman ay ku-kumpas-kumpas, lakad n̄g lakad sa loob n̄g bahay, at manakâ nakang nagbubuntong hiningġa kasabay ang salitang ĵgaganti ako! at sasabayan n̄g upo sa mésa at pipigilan ang pluma, isasaw-saw sa tintero, si Lolay namang kanyang asawa ay nakasubok at namamanghâ n̄g labis sa kay Kadiliman, at sa kanyang sarili ay binuka sa bibig ang salitang: ĵna u-ulol yata itong aking asawa! tutop na ni Agong Kadiliman ang kanyang makitid na noó; biglang lumabas sa silid si Lolay niyang asawa at tinanong n̄g ganito:

—ĵAno ang nangyayari sa iyo? n̄gasab n̄g n̄gasab si Kadiliman at hindi pansin ang asawang nagugulumihanang sa kanyang ayos, at biglang naghimutok si Kadiliman natín, sinabayan pa n̄g sabing *ĵPater Filus Patris!* ang kahulugan ama, anak ko't mġa kapatid ang hiningġa ko'y nagkakasabid-sabid, muli na namang tumanong si Lolay:

—ĵAnong nangyayari sa iyo?

—ĵAy! ... ang mabanayad na tugon ni Kadiliman maputlang maputla.

—ĵBakit?

—Natatanto mo ang sagot ni Kadiliman si Autor. Hito'y gumawa n̄g retrato ko sa teatro, kaya't kung aking pakiramdaman ang mġa mata n̄g nag sisipanood sa akin ang tinġin, kaya't hindi ang hindi ko sasagutin, dahil sa talos mong malapit n̄g mag eleccion ó mag halálan para concejál, ibig kong magprisinta n̄g candidatura. Kung paniwalaan n̄g taong kalahatan ang pagpapaliwanag na iyan ni Hitô pehong-pehong hindi ako ang lalabas kaya't kahit pabalubaluktot mag iisip ako n̄g paraan upang pagulapan ang mġa matá n̄g mġa maghahalal.

—Katwá kang tawo ang pakli ni Lolay, dapat mong isipin tayo'y may labis na kaya sa kabuhayan na minana, ko sa aking amang si Pirong Botete ĵBakit mo pá hahanġarin ang panunungkulan?

—Ulol na tawo ito, ang pa-anġil na sagot ni Kadiliman, hindi iyan lamang ang mangyayari kundi mawawalan sa akin n̄g pagkakatiwalâ ang lahat.

—ĵBakit, ang sagot ni Lolay na nanġanġaligid sa dalawang mata ang luha?

—Magtahan ka, ang sagot ni Kadiliman, at hindi mo dapat maalaman ang kalihimang ito, sulong, matulog kana, muli na namang nagbububulong; hindi maubos madili ni Lolay ang ligálilig na ito n̄g asawa niyang irog kaya't napilitang nanġusap n̄g: Hito pala lamang ang may sulat niyan, di bayaan moná baká ka pa matibô, at sinabayan n̄g hatak sa kamay na may pluma tayo na asawa ko; batak-batak hangang sa kanyang hihigan at saka lamang na tahimik si Lolay, bakit mag-uumaga na; anopa't nang nakahiga na si Kadiliman, ay satuina't magigiling ang matá sa paghiga, bigláng nagugulantang na tila na wawari ni Kadiliman na siya'y binabatak nang mġa kaluluwa sa Purgatorio na nagsipagbayad sa kanya bago málibing, at ang isa sa mġa kaluluwang ito'y nanġusap n̄g malumanay na waring nangagaling ang voces sa ilalim n̄g lupa ganitô ang sabi n̄g kalulwa: Kadiliman, Kadiliman, magsisi ka n̄g iyong sala ĵsaan mo dinádalá ang kwalta n̄g mġa patay bago ibaon? Hwag kang mang-ulol sa kababayan mo, liwanagin mo sa iyong mġa kasáma ang bagay na nasaiyo, n̄g matapós masabi n̄g kalulwa ang bagay na ito, napabalikwas si Agong Kadiliman ang isa pa'y umaga na; nagbihis na madaling madali at tinunġo ang bahay nila Bakokoy,

III.

ĵAng pakikipagkita ni Kadiliman sa canyang mġa casama!

ĵAy Bakokoy! ganito ang unang taghoy ni Kadiliman, ĵbigyan mo ako n̄g kaunting Hiniébra! ĵhindi pa ako nag-aalmusal! si Bakokoy naman tila nġa ibig mahabag sa kanyang maestro n̄g mapagmalas ang anyo, na tulad sa corderong maamo, dahil na si Bakokoy baga man hindi pipe, talagang may ugaling sacristan kahit tanto niyang likô ang gawa n̄g kanyang maestro, amén na lamang n̄g amén, kaya't ganito ang unang tanong n̄g ating Bakokoy: ĵBakit ano pong nangyari sa iyo? pag hindi ko sila hinamon n̄g away talo ako! sapagka't si Bakokoy ay magaling daw na estocador natatalastas ninyo ang pasigaw na sabi ni Agong pinatamaan kayo, ĵhermano mayor po ba sa kandila? ang sabad ni Bakokoy sagot ako sa huli, limang piso pa ang aking contribución; hindi, ang marahang sagot ni Agong kundi noong palabas n̄g ikalawa n̄g Mayo n̄g taong 1908 di umano'y mġa hanġal daw kayo kaya n̄gayon din tawagin sila Tarorang Susô, Ponsa Kaligay, at Giday Lasenga n̄g matalos nila ang kanilang gagawin; kumaraykay naman n̄g takbo si Bakokoy na iimbol-imbol ang tiyan pinagtatawag ang kanyang mġa kasama; natawá n̄g lihim si Agong Kadiliman at sinabi sa kanyang sarili: Ako ang pinatama-an n̄g obra ni Hitô sasabihin ko kina Bakokoy na hindi ako, kundi silang aking mġa kasama at sina Tarorang Susô; oo, oo, ito nġa ang mabuti, halos walang kalahating oras narito na ang mġa tinawag, lugay pa ang buhok ni Tarora at si Ponsa naman hindi na nakuha ang magtapis, at si Giday naman ay may kalasingġang humarap sa pulong, ganito ang unang lantak ni Kadiliman: Mġa kapatid: Isinasauli ko ang aking tungkol na pagka presidente n̄g ating kapisanan, ang pamagat n̄g kanilang kapisanan ay «Pinag-uulapan»; isinasauli ko ang aking tungkol na pagka secretario, isinasauli ko ang tungkol kong pagka Tesorero, sa makatuid ang tatlong tungkuling aking taglay isinasauli ko na dahil sa maraming naiingit; noon naman ay nakasubok si Tenteng Kamagong na isa din sa mġa kasapi n̄g samahang, Pinagu-ulapan, sapól ang sikmura at nag-iihit n̄g tawa, nalinġon-lingġunan siya ni Lasenga, kaya't

tinanong n̄: ¿Bakit nag-iihit ka n̄ tawa? tumugon si Tenteng Kamagong n̄: niloloko tayo at sinabayan n̄ kaskas n̄ takbo pagka't alam niyang Lasengo't Lasenga ang kanyang kausap, ipinatuloy ni Kadiliman ang kanyang sermón na waring namamaos ang voces n̄ pagsasalita; kagabi anya nanood ako n̄ teatro; ay pinalabas doon ang buhay ninyo at hindi ang buhay ko, hindi ko na sasaysayin ang kalahatlahatan, kundi lahat na lamang n̄ makailanġan; kayo di umano'y pipe, bulag, kimaw, pilay at binġi, si Hitô anya'y kaibigan ko, kaya't hindi niya ginawa iyón para sa akin kundi udyok lamang nang mġa naiingit sa akin; (tumalikod ang Kadiliman natin at nġumitî n̄ lihim, sinabi sa kanyang sariling: Hindi ko sasabihin sa inyong ako ang pinatataman n̄ di ninyo wikaing ako nġa'y talagang ganoon), hinarap na naman ang mġa kausap at ipinatuloy ang pagsasalita kaya't ang marapat lahat n̄ palabas na gagawin ni Hitô huag ninyong papasukin, sa á diez y seis may palabas na naman, sabihin sa ating mġa kapanalig na huwag pasukin; ang panabay na sagot n̄ mġa kausap, lalakad na kami n̄ maibansag sa lahat na huwag pasukin at boycotage ang gawin sa sa palabas na iyan, naghiwahiwalay na patumba-tumba ang laseng at lanġo.

IV.

Kung ano ang Teatro at pagkikita ni Tengteng Kamagong at Agong Kadiliman.

—Si Kadiliman ay nakahampilas sa isáng *Bar* at waring malainibay, siyang pagdaan ni Tenteng Kamagong na nakabastipol tinawag ni Kadiliman at ganito ang bati.

Páhiná 9

—Halika nġa Kamagong.

—¿Ano ba Kadiliman tila nagdidilim ang panġanorin mo, ha?

—Hindi katalasan lamang ang pakli ni Kadiliman. ¿Bakit ba umalis ka't di mo tinapos ang pagdidimite ko n̄ cargo?

—Mangyari, ang sagot ni Kamagong, walang makatatanggap n̄ *cargo* mong iyon.

—¿At bakit? ang sagot ni Kadiliman, na waring nagmamalaki.

—Sinong ulol ang tatanggap n̄ tatlong cargo, sa isang kapisanan?

—Mangyari iyon ang talagang ibig ko, at tanġi sa roon walang makapanġanġahás sa ating mġa kasapi upang humawak n̄ pagka Presidente, pagka Secretario at pagka Tesorero; ¿Hindi ba talagang mayroon? sa hindi inaasicaso. ¿Paanong ibig mong sabihin? Kaya ginaganap ko n̄ lahat, ang pagalít na sagot ni Kadiliman.

—¿Bakit hindi kapagkaraka'y ipinagbigay alam mo sa kapisanan na di tumutupad ang Tesorero at Secretario n̄ makapaghalal n̄ iba't sinarili mo?

—Hindi mo ba tantong bawal sa alin mang kapisanang mapísan ang tatlong cargong iyan sa isang tawo? ¿Kung pumarito sa iyo ang fiscal general at hinġan n̄ cuenta ang secretario ikaw ba ang magpipirisintá n̄ kasulatan? ¿Kung hinġin sa iyo nang fiscal ang linaw kung magkanong naiipong kwalta n̄ samahan sa mġa ambagang ating nagawa? ¿Paanong gagawin mo? ang lanták ni Tenteng.

—Ipakikita kong lahat ang nariyan, ang sagot ni Kadiliman.

—¿Kung sabihin sa iyo n̄ fiscal, na ginasta mo ang kalahati?

—Ipagpipilitan kong hindi, ang sagot ni Kadiliman.

Páhiná 10

—¿Maniniwala na ba sa iyo ang fiscal, na ikaw ay malinis sa hinugasan, kung wala kang ipakitang katunayan? sa ang gawâin n̄ tatlo'y ibig mong kamkamin, danġan ang ikaw ay sabík sa tungkol, danġan anġ kami yata'y ibig monġ lokohin, danġan ang ikaw ay napakamangmang; makita mo't ikaw din ang magsisisi pagdating n̄ araw, ang paala-ala ko sa iyong ito'y hwag mong masamain pagka't mangyayaring ikaw ay mapaghimasukan n̄ fiscal dahil sa ang gawa mong iyan at ang kwaltang naiipon sa iyo ay hindi mo kwalta kundi pilak n̄ marami, na dapat matanto n̄ kapulunġang namamahala, hindi n̄ isang tawong namamahala sa isang kapisanan; ganiyang lahat ang kapisanan, tungkol n̄ Presidente ang manġulo sa lahat n̄ bagay na kailanġan, tungkol n̄ Secretario ang mag-inġat n̄ mġa kasulatan n̄ kapisanan, tungkol n̄ Tesorero ang mag-inġat n̄ kayamanan n̄ Kapisanan, kaya't ang tatlong tungkuling ito dapat sa tatlong tawo, n̄ upang lumiwanag ang pagsasamahán, ang Secretario na may tanġan n̄ manġa kasulatan siyang dapat na maka-alam nang kwaltang na sa tagoan, dahil na siya ang may hawak n̄ kasulatan, ang Secretario ang dapat maghawak n̄ kasulatan ó makaalam sa mġa nangyayari sa kapisanan, dahil na siya ang gumagawa n̄ *acta* at ang Tesorero ay dapat magkaroon n̄ kapanagutan sa kapisanan n̄ itinatago niyang kwalta, kung magkano man, ayon sa kasulatang taglay n̄ Secretario na kanyang pipilmahan; ang Presidente ó pinakapanġulo n̄ Kapisanan, ang kailanġang magsuri kung tama ó hindi ang inaanyo n̄ dalawa niyang katulong, kung sakaling hindi tama ang sino man dito, siyang bahalang magpaliwanag sa mġa kasapi, kung tamâ naman, ay pipilmá din siya sa kasulatan sa ilalim n̄ wikang *Visto Bueno*, sa makatwid ang kahulugan: nasiyasat kong mabuti, dumating man ang fiscal mag reclamo man ang kahit sino, maliwanag ka sa iyong tungkol, dahil na tatlo kayong nananagot sa lahat n̄ mangyayari; hindi ganitô ang gawa

Páhiná 11

mo, kundi tila ka, si Tiberio Cezar ang maibig ay dapat papangyarihin hindi ka naman emperador. ¿Bakit ibig mong mag Empera-emperadoran? at sa tagalog naman ibig mong mag Apô-Apô.

—Hinawakan ni Kadiliman ang paraskó n̄ hiniebra at lalantakan si Tenteng at sinabayan n̄ wikang: naiingit ka yata.

—Hindi ako naiingít ang pailag na sagót ni Tenteng, kundi: ikaw na ang Presidente, ikaw pa ang Secretario at ikaw pa man din ang Tesorero, at kung dumating pa ang fiscal ibig mo pa manding pang Apôan, baligtad ang bituka mo.

—Marahil isa ka sa nagsulsol sa kay Autor Hito; m̄ga ingitero, ang paismid na sabi ni Kadiliman.

—¿Bakit? ang patawáng tanong ni Tenteng.

—Buhay ko ang pinalabás sa Teatro noong ika 2 n̄ Mayo, ang sagot ni Kadiliman.

—¿Bakit, binangit ka ba?

—Hindi n̄ga ang tugon ni Kadiliman, n̄guni't katulad na katulad n̄ aking ugali ang asal ni Tio Agong sa obrang Apô-Apô na itinanghal.

—Hwag kang pahalata, ang pakli ni Tenteng; kaya't dingin mo't ipaliliwanag ko sa iyo kung ano ang Teatro. Ang Teatro ay bahay aralan n̄ pag-uugali, at salaming mapananalaminan n̄ nanonood, batyagin mong magaling itong aking sasalitín: Kung ikaw ba'y may kalasin̄gan na waring namumun̄gay ang mata mo, ikaw ay mauban, mapula ang m̄ga puti n̄ matá mo at saka ka manalamin. ¿Hindi kayâ pan̄git ang makikita mo sa salamin?

—Mangyari, ang pabigláng sagot ni Kadiliman.

—Bien katoto: Ang pabiglá din namang sagót ni Tenteng, n̄guni't ... ¿Sino sa inyong dalawa nang salamin ang may kasalanan, ikaw ba ó ang salaming napalaminan n̄ iyong pan̄git na pag-uugali?

—Walâ kaming kasalanan kapwa, ang tugon ni Kadiliman.

—Humalakhak n̄ tawa si Tenteng; sa bibig kita nahuli ang pasigaw na sabi in Tenteng, Kamagong; e ... ¿Bakit mo kinagalitan si Hito?

Mangyari sinulsulan lamang siya n̄ m̄ga naiingit sa akin, ang marahang tugon ni Kadiliman, tulad din naman sa pagsulsol ko na hwag pasukin ang palabás ni Hito.

—Malí ang iyong akalà na iyan ay sinulsulan lamang, at idinugtong pang sabi ni Tenteng, marahil ganyan ang gawa mo kung kaya ka nagdamdam; n̄ masabi ito ni Tenteng nilabnót ni Kadiliman ang kanyang ulo't umuwing dalidali, lumakad na naman n̄ patuloy si Tenteng na humahalakhak n̄ tawa.

V.

¿Anong laya n̄ isang tawo?

Sa pág-uwi ni Kadiliman, natagpô nito si Goring na pinakamaganda sa bayang yaon, at ganito ang unang bati ni Goring: Tio Agong.

—Hindi ako ang si tio Agong, kundi ako ang si Agong Kadiliman ang naging tugon.

—¿Bakit ka bulong n̄ bulong? ang pamanghang tanong.

—¡Ay Goring! ... ang pahinagpis na lantak ni Kadiliman; alang-alang sa ganda mong taglay, sa buti mong pag-uugali, sa karunun̄gan mong magwikang inglés, sa kanipisan n̄ iyong labi at pagkamairugin mo sa kababayan, ako'y iyong tulun̄gan.

—¿Sa ano? ang tanong ni Goring.

—Nang pagpatay kay Hitô.

—Kung huli mo na madali kong patain.

—Hindi ko n̄ga madakip, napakadulas.

—¿Ano bang samâ ang ginawâ sa iyo?

—Sumulat n̄ zarzuelang tulad na tulad sa aking pag-uugalí.

—Sa makatwid tawong, ang pan̄galan ay Hito. ¿Bakit naman natin papatain, at papaanong gagawin nating pagpatây? kababayan pa naman yata natin.

—Ow ... Goring, bayaan mo na n̄ga ang kababayan kung siya namang magiging dahil n̄ hindi ko pagkaluklok sa pagka *consejal*, kung maaprobahan na ang *Bill Adriático*; at ang pagpatay na ating gagawin ay ganito: ipanabi mo sa lahat na ang obrang yaon ay masama huwag mong sabihing sa akin patama, sumulat ka sa periódicong «Manila Times» at «The American» pagka't

magaling ka rin lamang sa wikang inglés, pag ito'y hindi mo ginawa, tatampuhan kita, talos mo na.... at pag ac'o'y naging *consejal*, ako ang bahala sa iyo upang ikaw ay.....

Nang marinig ni Goring ang ganitong sagsay ni Kadiliman; umalimpuyó sa kanyang dibdib ang n̄gitn̄git, galit, yamot na halos kuyumusin ni Goring ang dila't labi ni Kadiliman at nag wika n̄ gayari: tantoin mo Agong Kadiliman n̄gayon ay hindi tagdilim, kundi tagliwanag; kaya't kahit maging kahulihulihan, cargador, bankero, sakatero at magbubukid ay nakatatanto na n̄ kahulugan n̄ tinatawag na *libertades individuales* ó layâ n̄ bawa't tawo; hindi n̄gan̄gayon lamang isinisigaw n̄ bayang *filipino* na nais namin ang magsarili, ó *Ang Independencia* kaya't tandaan mo itong ipagtuturing: magkaroon man tayo n̄ *Independencia* ó pagsasarili, at buháy ang *casiquismo* ó pag Apô-apôan, wala din tayong kahihinatnan.

—¿Bakit? ang papaós na tanong ni Kadiliman.

—Mangyari, kailan ma't may Apô-Apôan na sa pagluha ang matwid, sa dahilang ang Apô-Apôan, ay walang tinutumpang landasin n̄ matwid, kaya't ito, ang kalaban n̄ katwiran, ikaw ay maglingon lingon sa lahat n̄ sulok nitong Filipinas: maging sa Kapisanan n̄ m̄ga obrero, maging sa Kapisanan n̄ politico, maging sa Kapisanan n̄ religioso, maging sa Kapisanan n̄ man̄gán̄galakal at iba't iba pa, kailan ma't may Apo-Apoan, pakaasahan mong ang kapisanang iyan ay hindi susupang; gayon din ang nangyayari sa isang bayan, ganyan din ang nangyayari sa isang nasyong mayroon niyan; kailan ma't may Apô-Apô ang lahat n̄ matwid ay palikô. Iyan at iyan din ang naging dahil n̄ pagkayukayok sa sala n̄ sangkataohan na hindi kumilala sa utos n̄ Diyos, iyan din naman ang naging sala ni Caín sa kanyang m̄ga magulang at sa Diyos, sa kaibigan ni Caín siya'y m̄atampok sa kapurihan, siya ang pumatay kay Abel na tunay niyang kapatid; ito ang iyong katulad na hindi mo ibig na ikaw ay tanawin sa mababang ayos; kaya't iwalay mo na sa isip mo ang pag-uugaling iyan at iyan ang mainam na gamot sa iyong bugók na utak, sa dahilang n̄gayon ay nanaog na ang mesias na tumubos sa sala n̄ sangkataohan taglay ang ilaw n̄ kaliwagan, upang ang nadidilimang pag-iisip na gaya ni Caín pumatay sa tunay na kapatid at kawan̄gis n̄ man̄ga kapatid ni José *Vendidong* nagtakal sa tunay na kapatid ay pagliwanagan; at sa Filipinas nama'y nanaog na ang mesías na Rizal na tumubos sa sala n̄ kadiliman, taglay ang m̄ga aral niya upang magliwanag ang kapilipinuhan, na napakukuyumos sa mapag Apô-Apô; kaya't ang mapagpalang Gobierno Americano ay naglagdá n̄ kautusan; *Bill* na ang bawa't tawo'y makagágawa n̄ kanyang maiibigan kailan ma't hindi sisinsay sa talatang utos, ang sino man suminsay ay may katapat na parusa; kaya't huag mong pagnasaang patayin sa gutom si Autor Hitô, sa dahilang iyan ang ipinagpapatid uhaw n̄ iyong kababayan sa kanyang m̄ga anak; layuan mo na ang asal Caín na ... sa nasâ mong ikaw ay maging *Consejal* ay ipápahamak ang isang mag-anak; n̄ masabi ni Goring ang m̄ga huling salitáng ito ay nahilo si Kadiliman, siya namang pagdatal nila Bakokoy, Posotsoy at Tarorang Susô na siyang kumalga kay Kadiliman at naghatid sa kanyang bahay.

Páhiná 14

Páhiná 15

VI.

N̄ si Kadiliman ay nahihiga dahil sa sakit na taglay.

Payat na payat si Kadiliman dahil sa siya'y nagkaroon n̄ sakit magmula n̄ mapagkaalaman ang kabulukan n̄ kanyang pusô, hindi napagkakatulog ang kahabag-habag dahil sa ubo, kaya't ang palaging tağurí niya ay ganito: ¡Ay! sasasalin n̄ ubo; ubo, ubo, ubo ... ¡ay! pag hindi ako ang naging *Consejal* mabuti pang ako'y namamatay na, sasasalin na naman n̄ ubo; ubo, ubo ... ubo ... mananaghoy na naman n̄ ... bulok na ang aking puso sa kinakakain n̄ hindi ko dugo, ¡m̄ga ingitero! ang pan̄gápós na buntong hiniñga kung hindi ninyo sinulsulan pehong pehong ako ang *Consejal*; n̄gayon hindi ko maalaman ang mangyayari; hindi pa halos natatapos ang m̄ga salitang ito ay siyang pagdating nila Bakokoy, Posotsoy at Tarorang Susô na nagpapanan̄gis, niyakap ni Bakokoy si Kadiliman at ganitô ang wika: kahabag-habag ka Kadiliman, hindi ikaw ang lumabás na *Consejal* naháhalata na pala n̄ tanan, na inuulol mo kami; hagulgulang umaatikabo n̄ iyák ang tatlo nila Bakokoy, Posotsoy at Tarorang Susô, n̄ marinig ni Kadiliman ang pananambitan n̄ kanyang m̄ga inuulol, nagnin̄gas ang matá na waring nanunulig, sinasal n̄ sunodsunod na ubo; ubo ... ubo ... ubo ... ubo ... biglang napahiga at nawalan n̄ diwa na waring naghimatay; sigaw doon sigaw dito ang m̄ga kampon niya, asawa't m̄ga anak, walang isinisigaw kundi: ilaw, ilaw, ilaw upang magliwanag.

Páhiná 16

VII.

N̄ Pagsaulan na n̄ hiniñga si Kadiliman.

Si Kadiliman; ay nakahimpil sa isang sulok n̄ kanyang bahay at na tatanikalaan, dahil sa nananakit, pagka't na wala sa lugal ang *tornillo* n̄ isip, sa makatwid ay na ulól, sa m̄ga oras na ito'y pinaglalaroan n̄ m̄ga demonio, ang sabi ni Lucifer na hari sa infierno'y ganito: ¡Kadiliman! magbawa ka na n̄ iyong ugali; sa tuina't ibubulong ito ni Lucifer sa kay Kadiliman; kinakagát ni Kadiliman ang tanikalang nakatali sa paa't kamay, bubulun̄gang naman n̄ isang kalulua't ganito ang sasabihin: ¡Kadiliman! ¡Kadiliman! huag mong sisirain ang ibinayad ko n̄ ako'y bago ilibing; sa dahilang ang Kadiliman nating ito, ay may ugaling sumin̄gil sa kanyang m̄ga kasapi bago

ipalibing kung sakaling mamatay. Samantalang si Kadiliman ay pinaghihilahanan at binubulungan ng mga demonio't kalulwa; ay nanduduling ang dalawang mata't ibig managat, pasag doon pasag dito na parang León ni Charini at saka sisigaw nang: ngayo't ako'y nang-uulol sa aking kababayan naiingit kayo sa akin, bubulungan naman ng kalulwa ng isang frayle at ganito ang ibinubulong kay Kadiliman; *¡mal agradecido!* ¿Hindi ba ikaw ang nagpasasa sa aking kayamanan? ¿Bakit ako pa ang iyong mamasamain? *¡Mal agradecido!* sapagka't si Kadiliman ay manugang nitong Frayleng nagdurusa sa infierno ang kalulwa, dahil sa mga kayamananang yaon na pinakikinabangan ni Kadiliman, nguni't si Kadiliman ay madalas magalit sa frayle noong hindi pa nau-ulol, at talaga nga namang masama ang mga ginawa ng frayleng ito noong siya'y nabubuhay, ito'y hindi kaila sa madla. ¿Bakit ga ibig mong tularan Kadiliman? Itó naman ang tanong ng ating Lucifer—Ang frayle pala'y masama kaya't huag mong tularan ang gawa niyang pamimilipit ng bulsa ng iyong kababayan, at ang guinawa nila sa atin noong una, gaya ng guinawa mo kahapon sa kaibigan mong ikaw ay igalang ng boong mundo, nanakál ka ng mahihina, sinangkalan mo ang iyong bayan; kung ibig mong maligo, «ikaw ang mag handa ng iyong gugô,» samantalang ibinubulong ng Demonyo kay Kadiliman ang mga salitang ito, nana-nalas ang matá ni Kadiliman na animo'y pusang bagong pananganak, kaya't sumigaw ng ubos lakas na: Lumayo na lamang kayo sa harap ko babagohin ko na ang pangit kong pag-uugali, nag-inugong na biglang biglá, siyang naging dahil ng panu-numbalik ng isip ni Kadiliman na parang naalinpungatan.

Páhiná 17

VIII.

Ng hinang ng liwanag si Kadiliman ni Giday Lasenga.

Masayang-masaya si Giday Lasengang lumalapit sa kinahihigan ni Kadiliman, taglay sa kanang kamay ang parascó ng Hiniebra at sa kaliwa'y isang látigong panghampás sa kabayo't ganito ang sabi ni Giday: Lintik! Lintik! Lintik! sigaw na halos magiba ang bahay ni Kadiliman at sinabayan ito ng hampas ng latigo, parol anyá ang taglay ko ng tayo'y magliwanag. ¿Bakit ka nang-uulol Kadiliman?

—Marahang sumagot si Kadiliman ng ¡¡¡ay!!!

Nangangapos ang hiniंगा mo, ¿ha? at biglang pinilantik ng látigo ni Giday.

—¡Ay Giday! ang pabuntong hiniंगा ni Kadiliman, ngayon lamang nagsipanaw dito ang mga demonyo at mga kaluluwa ng mga ibinabaon na nag bayad sa akin bago ilibing, at ang kalulua nang bienan kong frayle na inubos ko na ang kanyang kayamanan, tanto mo na ang aking ugali daig ko pa ang kurang tunay, dahil sa akin nagbabayad ang bawa't ilibing. Ahá nahuli din kita, ikaw palá ay nagkukurakurahan pa, ang pasigaw na lantak ni Giday Lasenga; at sinabayan ng píral sa tainga, samantalang dinadaklot ni Giday ang pingol ng tainga ni Kadiliman sinabayan ng salitang: isaulí mo ang iniambag ko pagka't kundi ipagsusuplong ko sa may kapangyarihan ang asal mong iyan; dahil na si Agong Kadiliman, ay isang taong sadyang may ugali noon pang hindi nagkakarandam na manghinigi ng contribución, sa kanyang mga kasamahan at sinasangkalang laguí sa nais niyang ito, ang ngalang ng Kapisanan; kaya't dinagdagan ni Giday ng sabing kahabág-habág sa iyo ang taong magtiwalá, kawá-awá ang Kapilipinuhan kung patatangay na lagi sa gaya ng iyong masamang nasa, at kahapis-hapis ang isang bayang sipután ng gaya mong taksil, kaya't isaulí mo ngayon din ang mga nai-ambag ko; ng kasalukuyang sinasalita ni Giday ang kakilakilabot na ugali ni Kadiliman ay sinasal ng ubo't naninginig ang boong katawan na animo'y isang nádakip sa pang-uumit ng masarap na pagkain, at siyang dahil ng ikinabulagta ng ating Kadiliman.

Páhiná 18

IX.

Nang napanaginip ni Kadiliman siya'y kausap ng isang makata.

Si Kadiliman ay nakahigá sa isang katren pinamutihan ng maraming hiyás, may mesang mabilog sa tabi nito, ilawan ng mayaman sa pagtulog at lubhang matahimik ang anyo ng gabi na halos inaagaw ng umaga ang pagbubukang liwayway, ng si Kadiliman ay nanaginip ng gayari:

Páhiná 19

Lumayo ka, ang sigaw ni Kadiliman na halos binabatak ang paghinaga.—Hindi kitá malalayuan, ang sagot ng makatá, ayon sa kanyang nanaginip, sa dahilang ito ang aking panata, at sinalaksak si kadiliman ng pluma ó panitik sa mukhang matagihawat; dinugtungan ng wikang: —Huag mong wikain Kadiliman na ang aking panitik ay padadalá sa sulsol, gaya ng iyong akala; ah; alibughang asal, sinaksak na naman ng panitik sa mapulang puti ng matá si Kadiliman, siyang pagkagising ni Lolay at ginising ang Kadiliman nating binabangunot sa kasamaan niyang taglay. —Asawa ko, ang palambing na pag-gising ni Lolay.—¡Kaunting tubig, ang binuka sa bibig ni Kadiliman, karaybay na ng pagtakbo si Lolay upang kumuha ng tubig at pinainom si Kadiliman— ¡Ah Asawa ko! iganti ninyo ako kung sakaling ako'y mamatay—¡Nakú! ang pagigil na wika ni Lolay na lumagaslás sa matá ang luha, ¿Bakit?—¡Ay asawa ko! ang banayad na tugon ni Kadiliman; ako'y nanaginip, ako'y binangunot, ang aking napanaginipan sinalaksak daw ang aking mukha ng isang makatá—Mulí na namang bumalong sa mga mata ni Lolay ang luha't nangusap ng ... ilayo mo na sa loob mo ang pakikipagtung-gali sa mga ganyan; ng marinig ni

Kadiliman ang salitang ito n̄ kanyang asawa napaban̄on kahit gumugulapay at nan̄usap n̄ pasigaw—Hindi mangyayari, sapagka't ¿paano ang aking nasa sa pagcoconsejal? ¿Hindi mo ba tanto't kung kayâ ko pinagpipilitang maalis si Dr. noon 905 sa tungkol na pagka *consejal*, n̄ ako ang mahalili? ¿Hindi mo ba alam na kung kaya ako nagnasyonalista n̄ ako'y magkaroon n̄ katun̄gkulan? ¿Hindi mo ba natatalós na kung kayâ ako naghimasok sa kapisanan n̄ m̄a panday; n̄ ako ang maihalal na Consejal kung maaprobahan ang *Bill Adriático* at....? ¿Hindi mo ba natatatap na kahit ako'y magkahirap-hirap n̄ mapataas lamang sa mataas na tungkol kung mangyayari? ibig kong maging Presidente sa América kung maaarî lang at n̄ayo'y ibig mong ihiwalay ko, ang bagay na iyan sa aking panaginip, kaya't bukas ay mamilí ka sa palenke n̄ marami at maghahanda ako, siya magpahin̄galay ka, ang sagot ni Lolay.

Páhiná 20

X.

Ang Pagkikita ní Tenteng Kamagong at Bakokoy.

Komparé! ang patawang bati ni Tenteng Kamagong kay Bakokoy.—Mahal na Kamagong binabati kita n̄ boong galang, tumun̄go si Bakokoy na umiimbol ang tiyan, ¿Saan ang tun̄go n̄ kompare ko?—Sa bahay n̄ ating Apô-Apông si Kadiliman ang tugón ni Tenteng—Ako man kompare ang lantak ni Bakokoy—Bubulun̄gan kita kompare; ang batikos ni Tenteng.

—Ikaw ang bahala, ang paagaw na sabad ni Bakokoy, binatak n̄ banayad ni Tenteng si Bakokoy at saka binulun̄gan n̄ wikang:—Masama ang pakiramdam ko sa ating Apô-Apông si Kadiliman ginagawâ tayong sangkalan n̄ kanyang pagka talipandás, n̄ maantilo ni Bakokoy ang salitang ito ni Tenteng, nagalit si Bakokoy, at pagalit na itinanong kay Tenteng kung matutunayan ang gayon; tinanong pa n̄: ¿Patotohánan mo ang iyong sinasabi? na pinag surot-surot ni Bakokoy sa mukha ni Tenteng.—Oh, tingnan na n̄a lamang ang asal n̄ Bakokoy na itó ang pailág na wika ni Kamagong at sinundan n̄ salitang: Bago ka magagalit, makapito kang iisip; bago ka matutuá, lilingon ka muna sa kana't kaliwâ. at bago ka magkakatiwala tumin̄gala ka muna sa lan̄git, lingonin mo ang iyong tinalikdan, malasin mo ang iyong hinaharap at tumun̄gó ka sa lupa't n̄ hindi ka magsisi sa huli.—Hindi ko maintindihan ang sinabi mo ang paismid na sabi ni Bakokoy—Tuligsain mo ang lantak ni Kamagong: N̄ panahon n̄ tinalikdang kastila ang Frayle ang hari-harian at m̄a *fiscalillo* ang Apó-Apó.—*Bien*: ang batikos ni Bakokoy, nagulat si Tenteng Kamagong na nasabi tuloy na: Ahá ¿Biglá mo akong kinastila, há? Hindi kailâ sa iyo ang nangyari na siyang ikinalupasay sa hapis n̄ ating inang Filipinas.—*Bravo*, ang pabiglá namang sabad ni Bakokoy, mulí na namang nagulat si Kamagong at sinabi sa kabiglaanan: ¿Lumálalâ ka? n̄gayon tatanon̄gin kita ¿nasa katuiran ba ang m̄a iyan? wala, mangyari m̄a *romano* ang sagot ni Bakokoy, biglang inagaw ni Tenteng Kamagong ang salitang ito—Hwag natin anyang, dalhin sa *Roma*, ang salitaan ani Kamagong, at tayo'y nandito sa *Filipinas*, ang ating pinag uusapan sa m̄a oras na ito'y ang tungkulin n̄ mamamáyang tawo dito sa Filipinas, sinasabi n̄ kautusan n̄ Diyos; piliin ang bawa't maibigan; sinasabi naman n̄ *Bill*, kautusan sa Filipinas: Ang bawa't tawo'y may láyang gumawa n̄ kanyang maiisipan, kaya't ang aking masasabi'y ganito: Natanto nating masama ang gawá n̄ *Frayle*, masama din naman ang gawa n̄ *fiscalillo* n̄ panahong iyon, ¿natatalastas mo kung bakit? sa dahilang ang *fiscalillong* iyan ay *amén* n̄ *amén* sa kanyang Apô-Apô; gaya din naman n̄ pag amén mo sa ating Apô-Apô na si Kadiliman, na kapag sinabi sa iyo itatayo niya ang *torre* ni *Babel* n̄ walang kilatis, dudukutin mona ang iyong pesetas para maiambag, kapag sinabi sa iyong igagagapák niya sa loob n̄ tatlong araw ang templo n̄ *Jerusalem* dudukutin mo na ang iyong kahati't walo't ibibigay kaagad, halos iyong inaagaw sa bibig n̄ asawa mo't anak nang walang kinaoowian. ¿Sino n̄gayon sa inyó ni Kadiliman ang may sála? Tila ako ang sagót ni Bakokoy.—Hindi lamang tila, kundi ikaw na n̄a; sa dahilang kung walang *consentidor* walang magnanakaw, ito ang kasabihan n̄ m̄a matatanda, hindi ko salita ito, ang pabalík na wika ni Kamagong. Gayon din naman pag winika sa iyo pumilma ka, pipilma kaagad, pag sinabi sa iyong makipag-away, makipag-away ka naman, samantalang ikaw ay may sariling kalayaan. ¿Ang boto ba n̄ isang mámamayang tawo'y gaanong halaga?—Halagang isang copang sorbetes,—Ah, gungong, iyang pagka Bakokoy mo na malapit-lapit kang maging bakoko, pang-ulam sa mahal na araw; piniral ni Kamagong sa tain̄ga't sinabing dingin mo itong sasabihin: ¿Iniibig mo ba ang iyong bayan?—Hangang huling tibok n̄ aking hininḡa, ang tugón ni Bakokoy na waring nagmamalaki.—Kung iniibig mong gaya n̄ iyong sabi, ani Tenteng, palilinawan kitá. Ang halaga n̄ isang botos n̄ mamamáyang tawo, kahalaga n̄ inang bayan, sapagka't kung makaladkad ang boto mo n̄ isang basong sorbetes at tatlong tanghalian na gaya n̄ ugali ni Kadiliman, hindi ikaw ang papatain niyan kundi ang bayang sangkalan, na nalulugami sa madlang hirap; kaya muli't mulí ang bilin ko sa iyo na bago ka boboto titingnan mo ang ugali n̄ iyong iboboto, ang m̄a gawâ nito, ang m̄a ginawâ nito at kung mangyayari, pati pa nang gagawin niyan kailan̄gan mong pag-aralan bago ka bumoto:—Bayaan mo kompare at ganyan ang aking gagawin, ang pakli ni Bakokoy.—Kung gayon kompare tayo na, magpatuloy sa piging ni Kadiliman, tayo na ang sagot ni Kamagong at n̄ maini-init pa ang litsón na ating madatnan, lumakad ang dalawa na nagn̄ingisn̄gis.

Páhiná 21

Páhiná 22

Páhiná 23

XI.

Ang pagsasalo-salo sa bahay ni Kadiliman.

